

Mensahe ng kapayapaan pagkaraan ng 60 taon mula ng magwakas ang
ika-dalawang digmaang pandaigdig.

Ang walang-karahasang daan tungo sa kapayapaan
Ngayon ang panahon para maging propeta.

Para sa mga minamahal na kapatid sa simbahan sa Japan at para sa lahat ng mga
Mamamayan Tagapagtaguyod ng Kabutihan

Pambungad

Sa taong ito ng ika-animnapung anibersaryo ng pagwawakas ng ika-dalawang digmaang
pandaigdig ang Catholic Bishop Conference of Japan ay naghahatid ng mensahe ng
kapayapaan sa okasyon ng “Panahon ng Kapayapaan ng mga Katoliko sa Japan” (Japan
Catholic Peace Period).

Inilathala ng Bishop Conference ang Resolusyon para sa Kapayapaan (Resolution for
Peace) limampung taon matapos ang digma. Kinikilala nito na bago magdigma at sa
kapanahunan ng digmaan, ang Simbahang Katoliko sa Japan ay “may hindi sapat na
kamalayan sa pag-ganap bilang propeta para sa pag-protakta sa buhay ng tao at pag-
pasan sa naisin ng Panginoon” at “paghingi ng kapatawaran ng Diyos at sa mga
mamamayan na naghirap sa panahon ng gera.” Ipinahayag rin namin ang resolusyon na
iaalay ang aming mga sarili para sa kaganapan ng kapayapaan.

Sa nagdaang sampung taon, sa kabila ng aming panawagan para sa kapayapaan, ay hindi
natinag ang tanikala ng iba’t ibang anyo ng karahasan sa mundo. Sa panahong ito ay labis
naming batid ang nararapat na pag-ganap bilang propeta at ito ay sa “pagbasa sa babala
ng panahon at pagpapaabot ng mensahe ng Panginoon.”

Ang Dignidad Bilang Tao

Kaakibat ng kapayapaan ang dignidad ng tao. Mula sa mga aral hango sa Bibliya,
naniniwala tayo na ang dignidad ng tao ay nagmula sa Panginoon Diyos – hindi nilikha
ng lipunan, ito ay unibersal, at walang sino man ang lalabag rito. Tanging sa dignidad ng
tao bilang kasinghulugan ng kapayapaan lamang mapapangalagaan ang karapatan pantao
at mga indibidwal, ang mga tao ay magkakaugnay sa isang mundong multi-kultural at
dadalhin ang ating relasyon sa patas na pagmamahalan. Ang mga ideya na ito ay
maliwanag na nakasaad sa Universal Declaration of Human Rights at sa Japanese
Constitution at dahil sa ang bawat isa ay may pagsaliw sa dignidad bilang tao ay
maisusulong na “ang lahat ng tao sa mundo ay may karapatan na mamuhay ng payapa,
malaya sa takot at kahirapan.

Rekonsilasyon at Pakikiisa sa mga Bansa ng Asya

Sa panahon ng tagsibol (spring) ay may naganap na demonstrasyong anti-Japan sa
Silangang Asya at sa partikular, sa China at South Korea. Maraming kadahilanan sa
nagyanging tensyon subalit isa rito ay ang kaganapan sa Japan. Ilan rito ay ang

interpretasyon sa kasaysayan, pagbisita ng Prime Minister sa Yakusini Shrine, at debate hinggil sa pagbabago ng Konstitusyon.

Sa “Apila para sa Kapayapaan” (appeal for peace) ni Pope John Paul II sa Hiroshima ay inulit na winika “ang pag-alala sa nakaraan ay pag-handa sa hinaharap.” Tayong mga mamamayan ng Japan ay tinatawagan upang buong tapat na taggapin ang kasaysayan, kasaysayan na kasama ang marahas na pananalakay at kolonisasyon ng ibang bansa, magisip tayo batay rito at ibahagi ang makasaysayan natin pagkilala hinggil rito sa bawat isa. Buo ang aming paniniwala na ang pagsasagawa nito ay pangako upang hindi muling maulit ang trahedya at bilang komitment ng bawat isa sa kinabukasan.

Bago at sa panahon ng digmaan, at sa ilalim ng militar ng pamahalaan, ang pamunuan ng Simbahang Katoliko ay napilitang tanggapin ang pagbisita sa Yukusini Shrine at iba pang Shrine bilang ritwal. Hindi namin masasabi na ito ay luma ng kasaysayan at kalimutan na lamang ang ukol rito. Sa kasalukuyan ay kinakaharap na naman sa muli ang katulad na krisis noon. Sa mga debate tungkol sa rebisyon ng konstitusyon ay mayroon ibang nagsusulsol ng pagluluwag sa prinsipyo ng separasyon ng Religion at Estado at ang Estado ay nagtatangka na tanggapin ang pagbisita sa Yakusini Shrine bilang ritwal. Ang paghihiwalay ng Religion at Estado sa Japan (Article 20, number 3 ng Constitution) ay prinsipyong masasalamin ang simula na ang Estado, kung saan ang emperador ang nasa sentro, ay ginagamit ang relihiyon para sa pagpapalaganap ng mithiin makidigma. Kaya dahil dito ang pangangalaga sa prinsipyo ng pagkakawalay ng Religion at Estado ay isang ekspresyon natin bilang Japanese sa resolusyon hindi na muling uulit sa kaparehong pagkakamali.

Naniniwala kami sa pagkakaroon ng piramidong paninindigan sa usaping ito upang mapanumbalik ang tiwala ng mga mamamayan ng Silangang Asya at makasama sila sa gawain para sa kapayapaan.

Patas na distribusyon ng yaman at pangangalaga sa kapaligiran

Sa kasalukuyan ang pagitan ng mayaman at naghihirap na bansa ay lalo pang lumalaki kaysa mabawasan, at mas lumalaki rin ang pagitan ng mahirap at mayaman sa parehong mga mayaman at naghihirap na bansa. Kabilang rin dito ang Japan. Hindi lamang pinapahirap ng kagutuman ang pamumuhay bagkus pinagaanyo rin nito ang mga iba't ibang suliranin gaya ng migrasyon at pagkakawalay sa pamilya at trafficking ng tao at droga. Sa pananalita ni Pope John Paul II tungkol sa pangangailangan sa globalisasyon ng karapatan pantao at kabuhayan, ay nagwiwikang hindi lamang usapin ng “pagbibigay ng sobra ng isa,” kundi tulungan ang lahat ng mamamayan na sa kasalukuyan ay hindi kabilang o inihiwalay sa usapin sa ekonomiya at pagpapaunlad sa buhay ng tao. Para ito maisakatuparan, hindi sapat na ibatay sa mga sobrang produkto na kung saan ito ay masaganang iniluluwal ng mundo; higit sa lahat ay nangangailangan ito ng pagbabago sa istilo ng pamumuhay, modelo ng produksyon at konsumo, at sa establisadong istraktura na namamahala sa lipunan sa ngayon.

Sa maraming pakikibaka sa likas na yaman, aming nabatid na ang pangangalaga sa kalikasan ay isang importanteng isyu na kinakailangan isama sa gawain pangkapayapaan. Ang mga natitira nating likas na yaman ay dapat na gamitin sa wastong paraan, patas na na nahahati, at napamamahalaan ang gamit sa paraang mapapanatili. Ang kanselasyon ng utang ng mga naghihirap na bansa ay isang paraan na maaring kontribusyon at solusyon sa gera. Subalit hindi natin maaasahan na mapawi ang kagutuman at pangangalaga sa yaman ng kapaligiran kung walang tulong mula sa mga pamahalaan, industriya, organisasyon, at mula sa mga ordinaryong mamamayan ng buong mundo.

Sa paraan na walang dahas (non-violence) tungo sa pakikiisa

Ang pag-atake sa World Trade Center noong September 11, 2001 at ang mga kasunod na atake sa Afghanistan at Iraq ay yumanig sa mundo at nagbunsod ng malalim na dibisyon. Sa mga pagatakeng ito ay napasangkot ang maraming sibilyan tungo sa paulit-ulit na karahasan. Sa sitwasyon na ito ay maraming mga mananampalataya at mga sibilyan na nananawagan na itigil ang gantihan para sa rekonsilasyon batay sa pag-uusap o dialogue. Mula kay John Paul II ayon sa aral mula kay St. Paul, ay nagsasabing ang kapayapaan ay makakamit lamang kung ang kasamaan ay mapapangibabawan ng kabutihan, at nangangailangan ito ng masigasig na pakikibaka. “Ang isang daan sa pagtigil sa paulit-ulit na sirkulo ng pagsugpo sa kasamaan ay hindi ang paggamit ng puwersa, kundi ang pagtatayo ng kapayapaan hindi sa pamamagitan ng karahasan kundi sa pamamagitan ng pag-uusap o dialogue. Kagaya ng walang-karahasan pamamaraan gamit ni Gandhi bilang halimbawa, humahatak ito ng pagtugon mula sa maraming tao.

Ang espirito ng non-violence ay matatagpuan sa Article 9 (ng Japanese Constitution) sa porma ng pagtatakwil sa digmaan bilang paraan sa pagresolba ng mga pandaigdigang usapin at ang pagtatakwil sa armas pandigma. Hindi ba nararapat lamang na ating ipagmalaki na sa loob ng nagdaang 60 taon ay wala tayong napatay sa digmaan at wala rin sino man sa atin ang napatay sa digmaan?

Sa pag-inog ng mundo kung saan ay lubhang mahirap lansagin ang tanikala ng karahasan, gawin natin ang lahat upang ipalaganap ang espirito at praktika ng nonviolence upang maitanghal ang bagong pakikiisa sa mamamayan ng daigdig sa komon na isyu at magsikhay para sa kapayapaan.

Pahabol na pananalita

Sa pagtatapos, muli ay gagamitin ang mga kataga ni John Paul II: “Sa mga pinuno ng estado at gobyerno, sa lahat ng may mga hawak na lakas pampulitika at eknomiya, nais kong sabihin: halina at ipanata sa ating mga sarili ang kapayapaan sa pamamagitan ng hustisya; gawin natin ang mga banayad na desisyon, ngayon, na ang digmaan ay hindi pahihintulutan o gamitin itong paraan sa pagresolba sa di-pagkakatugma, ipangako natin sa ating mga kapwa tao ang ating walang pagod na paggawa laban sa pag-aarmas at pawiin ang lahat ng sandatang nukleyar; palitan natin ang karahasan at pagkamuhi ng pagtitiwala at pangangalaga.”

Buong tatag naming inuulit ang “Appeal for Peace” ni Papa, sama-sama tayong manalingin sa Diyos, at hinihiling sa inyo na sumama sa amin sa pagtatayo ng kapayapaan batay sa nonviolence.

Sa ala-ala ng kagustuhan ng yumaong Papa na bumisita sa mga bansa bilang pastol ng kapayapaan at gumampan bilang propeta, kami, sa aming bawat lugar, ay buong pusong nakikiisa sa bagong Papa Benedict XIV at iniaalay ang aming mga sarili para sa kapayapaan.

Panahon ng Kapayapaan ng mga Katoliko sa Japan 2005
Catholic Bishops Conference of Japan